Fde

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-SAMPUNG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-07 NG MARSO, 2022 SA BARANGAY BENLI COVERED COURT, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

x-----------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 22-03-214

**KAPASYAHANG HUMIHILING SA KAGAWARAN NG REPORMANG PANSAKAHAN (KRP) NA MAPAGLAANAN NG PONDO ANG PAGSASAAYOS AT REHABILITASYON NG KALSADA MULA SA SITIO CAVILLAN, BARANGAY NASUCOB HANGGANG SITIO LAGIT, BARANGAY BENLI, BAYAN NG BULALACAO, LALAWIGAN NG ORIENTAL MINDORO**

May-Panukala at Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member DEXTER R. GONZALES**

Mga Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member EDEZER F. ACERON**
**Sangguniang Bayan Member GERMAN S. ACOSTA**

"**SAPAGKAT,** Seksyon 16 ng Republic Act No. 7160 na kilala bilang Local Government Code of 1991 ay naglalahad na dapat gamitin ng bawat yunit ng lokal na pamahalaan ang mga kapangyarihang hayagang ipinagkaloob, yaong kinakailangang ipinahiwatig mula rito, bilang mga kapangyarihang kinakailangan, angkop, o nagkataon para sa mahusay at epektibong pamamahala nito, at yaong mga mahalaga sa pagtataguyod ng pangkalahatang kapakanan, sa loob ng kani-kanilang hurisdiksyon ng teritoryo;

"**SAPAGKAT,** ang Bulalacao ay isang 3rd class na munisipalidad na matatagpuan sa pinakatimog na dulong bahagi ng Oriental Mindoro na may populasyon na 44,366 batay sa 2020 census, 25 porsiyento nito ay mga katutubo na tinatawag na Hanunuo Mangyan, mayroon itong pamahalaang munisipal na naglalayong magtatag ng isang mahusay na lokal na organisasyon na tutugon sa mga pangangailangan ng lokalidad at epektibong pinamamahalaan ang mga mapagkukunan nito upang mapanatili ang paglago at pag-unlad;

CamScanner

"**SAPAGKAT,** ang Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao ay nakatutok at matimtiman sa pagpapabuti ng mga proyektong pang-imprastraktura at mga programang pagpapaunlad ng buong munisipalidad sa pamamagitan ng pagbibigay-prayoridad sa pagkumpleto ng mga konstruksyon ng mga kalye at kalsada sa bawat barangay;

"**SAPAGKAT,** ang Barangay Benli ay matatagpuan sa pinakamataas na bahagi ng kabundukan ng Bulalacao kung saan ang halos kabuuan ng populasyon nito ay mga Hanunuo Mangyan, ang kalsadang umuugnay sa Sitio Cavillan ng Barangay Nasucob at Sitio Lagit ng Barangay Benli ay nangangailangan ng pagsasaayos at rehabilitasyon upang magbigay ng kaalwanan at kaayusan sa daloy ng mga sasakyan at mga Katutubong matitiyaga at masisipag pa ring nilalakad ang pagtungo sa kabayanan; Kung kaya't dahil dito...

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Humiling sa Kagawaran ng Repormang Pansakahan (KRP) na mapaglaanan ng pondo ang pagsasaayos at rehabilitasyon ng kalsada mula sa Sitio Cavillan, Nasucob hanggang Sitio Lagit, Barangay Benli, Lalawigan ng Oriental Mindoro,

**SA MUNGKAHI** nina Konsehal Edezer F. Aceron, Konsehal Dexter R. Gonzales at Konsehal German S. Acosta na pinangalawahan ni Konsehal Dennes M. Faner ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY**": Marso 7, 2022, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x------------------------------------------------------------x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM-Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamahala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: April 07, 2021

240322/PLP/admm